# "B.N.SA. (BASA, NOOD, SAGOT): PAGGAMIT NG GOOGLE SLIDE BILANG PARAAN SA GANAP NA PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO"



**MHEL CHRISTIAN A. OLGADO**
Teacher I
Biñan Integrated National High School

## ABSTRAK

Ang mga mag-aaral sa ika-dalawampu't isang siglo ay may malaking kaibahan sa mga mag-aaral sa mga nagdaang taon at panahon kaya naman sila ay tinaguriang mga "techno savvy" at masasabing isa sa mga salik nito ay ang mga makabagong teknolohiya na kinalakihan ng henerasyon sa kasalukuyang panahon. Ang teknolohiyang ito ay salik na nagdudulot ng malaking pagbabago at epekto sa mga mag-aaral. Sa kabilang dako, ito rin ay patuloy na umuunlad at nagbibigay-daan sa mga guro na baguhin ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo. Ibinabahagi ng abstrak na ito ang epekto ng paggamit ng estratehiyang "B.N.SA. (Basa, Nood, Sagot)" sa pamamagitan ng Google Slides at ang kabisaan ng paggamit nito sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pananaliksik ay sumailalim sa kwantitatibong metodo at ginamitan ng nonrandom convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mananaliksik base sa "convenience". Ang bilang ng mga respondente ay limampu't apat (54) na mga mag-aaral ng Senior High School mula sa ikalabing-isang baitang ng ICT-Animation Strand sa Biñan Integrated National High School. Isinagawa ang pagtukoy sa kabisaan ng estratehiyang ito, una ay sa pamamagitan ng pagpapabasa at pagsasagot ng aralin gamit ang tradisyonal na nakalimbag na gawaing pampagkatuto at ikalawa ay ang paggamit ng Google Slides na kung saan ay bumasa, nanood at nagsagot ang mag-aaral. Nagkaroon ng pagkukumpara sa naging resulta ng pagtataya gamit ang dalawang pamamaraan at naipakitang mas mataas ang naging porsyento ng marka ng mga mag-aaral na sumailalim sa estratehiya kumpara sa kanilang marka sa pagsasagot sa unang paraan.

***Keywords***: *Techno Savvy, Google Slides, Mga mag-aaral sa ikadalawwampu't isang siglo*

**INTRODUKSYON**

Isa sa mga pokus ng asignaturang Filipino sa Ika-11 na baitang ng ICT Strand ay ang pagpapaunlad ng Makrong Kasanayan ng mga mag-aaral tulad ng pagbasa, pagsulat, pakikinig, panonood at pagsasalita. Ang asignaturang Filipino sa ikalawang semestre ay pumapaksa sa Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik na naglalaman ng mga pagsasanay sa mga mag-aaral upang maging mapanuri tungkol sa iba't ibang usapin sa kanilang paligid, sarili, pamilya, kapaligiran, lipunan, kultura, at sa daigdig sa kabuuan. Ito ay bilang paghahanda sa mga mag-aaral na maging lohikal at kritikal sa pagsusuri ng iba't ibang anyo ng teksto na kanilang magiging batayan sa pagbuo ng isang makabuluhang pag-aaral. Ayon kina Paul van den Broek at Panayiota Kendeou (2022) sa kanilang aklat na The Science of Reading "Ang pagbasang may pag-unawa ay isang komplikadong interaksiyon mula sa awtomatiko, estratehiko at kognitibong proseso na nagpapagana sa mambabasa upang makalikha ng isang mental na representasyon ng isang teksto" (ph. 315).

Ayon naman kay Saucer (mula kay Ranco, 2002). Ang kasanayan sa pagbasa ay isang batayan upang ang mga mag-aaral ay magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagtuturo ay siyang susi at katunugan kaya dapat maging layunin na matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahang bumasa. Matutulungan silang magkaroon ng kawili-wiling pagbasa at mapatunayan na ang pagbasa ay isang paraan ng pagkatuto.

Ito ay nakaayon sa mga kasanayan sa pagkatutong itinatakda ng Kurikulum para sa K to 12 ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa pamamagitan ng modelong Standard-based Education, pinagyaman ng aklat ang mga batayang kompetensi na nakatakda sa gabay na kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon. Ginamit din ang mga kategorya at disenyo ng kakayahan sa ika-21 siglo kabilang ang kolaboratibo at integratibong pagkatuto, pagkatutong nakabatay sa karanasan at integrasyon ng Information and Communications Technology (ICT).

Ang Google Slides ayon sa pag-aaral ni Harper, D. (2020) ay nagpapatunay ng pagiging epektibo bilang kagamitang panturo sa mga mag-aaral maging ito man ay synchronous, asynchronous o blended learning. Kung bibigyan ito ng konsiderasyon na gamitin sa Learning Management System, malaki ang maitutulong nito sa gawain ng guro at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa estratehiyang pampagtuturo at pampagkatutuong ito, nakatanaw ang mananaliksik sa paghubog ng mga mag-aaral na may malalim na pag-unawa sa sariling pagkakakilanlan at pagmamalaki sa sariling wika at kulturang pinagmulan, na magagamit tungo sa mas mataas at nagpapatuloy na proseso ng pagkatuto sa iba't ibang tatahaking disiplina.

May mga pagkakataong ang mga paaralan tulad ng Biñan Integrated National High School ay nagpapatupad ng MDL (Modular Distance Learning) at synchronous classes sa iba't ibang kadahilanan at balidong rason. Ang estratehiyang 'B.N.Sa' ay maaaring maging mabisang aktibidad para sa mga ganitong pagkakataon. Mabisa rin ito kung gagamiting estratehiya sa pagtuturo upang maipakilala ang Flipped Classroom Approach sa mga mag-aaral na may kaunting kaalaman at ideya sa proseso nito ayon sa pag-aaral ni Ortiz (2018), sa kanyang Sipat-Suri sa Flipped Learning gamit ang Learning Management System bilang isang Student-Centered Learning Approach.

Kakambal na ng mga mag-aaral ang madalas na paggamit ng internet at social media bilang sila ay maituturing na mga digital natives o techno savvy na ipinanganak kasabay ng pag-usbong ng teknolohiya. Ito ay magiging mabisang pamamaraan upang ang mag-aaral magkaroon ng karagdagang kawilihan sa pag-aaral gamit ang teknolohiya kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang lugar sila naroroon.

Malaki ang gampanin ng teknolohiya at ng Internet sa mga mag-aaral lalo na sa ICT

Strand dahil ito ay nakabatay sa mga kompitensi na inaasahan sa kanila sa pagtatapos ng bawat semestre. Ang pagbasa ng mga tekstong nakalimbag at pagsasagot ng mga pagsasanay rito ay nakatutulong ngunit nagpapababa ng interes ng mga mag-aaral na basahin at unawain ito na nagdudulot din ng hindi nila pagkamit sa mga kaalaman at kakayahang dapat nilang matutuhan at mahubog.

Ang naging resulta ng aksyong saliksik na ito ay naglalahad benepisyo ng paggamit sa estratehiyang B.N.Sa sa paggabay sa mga mag-aaral tungo sa pag-unawa at pagsusuri ng iba't ibang teksto na magbibigay daan din tungo sa kanilang makabuluhang pananaliksik.

**METODOLOHIYA**

Ang mga kalahok sa aksyong pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa ika-11 baitang ng ICT Strand.

Ang Biñan Integrated National High School ay may kabuuang bilang ng 92 mag-aaral mula sa ika-11 baitang ng ICT na nahahati sa tatalong pangkat at ang bawat pangkat ay mag bilang na hindi lalagpas sa 40. Ang mananaliksik ay nagkaroon ng random na pagpili ng 30 mga kalahok mula sa tatlong pangkat at 31 na mga kalahok naman para sa sampling mula sa mga mag-aaral ng HUMSS 11.

Ang materyales na ginamit sa aksyong saliksik na ito ay mga pre-test na nakalimbag na kung saan babasahin ng mga mag-aaral ang teksto at sasagutan. Gayundin, ang online material mula sa estratehiyang B.N.Sa para sa kanilang post-test.

Masusing sinunod ng pananaliksik ang proseso ng interbensyon.

**Pre-Intervention Phase**

1. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Punungguro sa pamamagitan ng pormal na liham upang maisakatuparan ang pananaliksik.

2. Matapos maaprubahan ay humingi rin ng pahintulot ang mananaliksik sa mga gurong tagapayo ng mga mag-aaral sa bawat pangkat na magsisilbing respondente ng pananaliksik.

3. Ipinaliwanag ng mananaliksik sa mga mag-aaral ang proseso ng pagkalap ng datos.

**Intervention Phase**

1. Ibinigay ang nakalimbag na teksto at pagtataya sa mga mag-aaral na kanilang babasahin at sasagutan.
2. Binigyan ng isang oras ang mga mag-aaral upang tapusin ang ibinigay na gawain.
3. Sa katulad na respondente, ibibigay ang B.N.Sa na may ibang nilalaman at pagtataya na kailangan din nilang tapusin sa loob ng isang oras.

**Post-Intervention Phase**

Sinimulan na ng mananaliksik ang pagkokolekta ng datos mula sa pre-test at post-test. Kinuha ang weighted mean ng dalawang pagsusukat at gagamitin ang t-test para sa kompyutasyon ng datos..

**RESULTA**

Sa paglalayong mailunsad ang estratehiyang B.N.Sa (Basa, Nood, Sagot): Paggamit ng Google Slide Bilang Paraan sa Ganap na Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino, nasagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa markang nakuha nila mula sa pre-test at post-test?

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagganap ng mga respondente batay sa mga marka ng pre-at post-test. Bago ang interbensyon, 10% lamang ng mga mag-aaral ang nagpahiwatig ng mga marka ng pre-test mula sa pagganap hanggang sa mataas na pagganap. Karamihan sa mga mag-aaral (72%) ay halos may pagganap habang ang iba pang mga mag-aaral ay may mababang

pagganap. Sa karaniwan, ang average na marka ng mga respondente ay nagpahiwatig na sila ay halos may pagganap (mean = 29.13, SD = 6.81) bago ang interbensyon.

Pagkatapos ng interbensyon, 32% ng mga mag-aaral ay nagpahiwatig ng mga marka ng post-test mula sa may pagganap hanggang sa may mataas na pagganap. Mahigit kalahati ng sa mga mag-aaral (54%) ang halos may pagganp habang ang iba pang mga mag-aaral ay may mababang pagganap. Nagkaroon ng pagtaas sa bilang ng mga mag-aaral na may pagganap at mataas ang pagganap na nagresulta sa pagbaba ng bilang ng halos at hindi gaanong gumaganap na mga mag-aaral. Sa karaniwan, ang average na iskor ng mga respondente ay nagpahiwatig pa rin na sila ay halos gumaganap (mean = 33.02, SD = 8.23) pagkatapos ng interbensyon.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Pagganap (Performance Level) ng mga mag-aaral base sa pre-test at post-test:*

| Antas ng Pagganap | Saklaw ng mga Marka | Pre-test | | Post-test | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | f | % | f | % |
| May Mataas na Pagganap | 45-50 | 1 | 2% | 5 | 10% |
| May Pagganap | 38-44 | 4 | 8% | 11 | 22% |
| Halos May Pagganap | 25-37 | 36 | 72% | 27 | 54% |
| May Mababang Pagganap | 13-24 | 13 | 26% | 11 | 22% |
| Walang Pagganap | 0-12 | 0 | 0% | 0 | 0% |
| **Mean** | | **29.13** | | **33.02** | |
| **SD** | | **6.81** | | **8.23** | |

2. Ano ang makabuluhang pagkakaiba ng weighted mean ng pre-test at post-test na ibinigay sa mga mag-aaral?

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang paghahambing ng mga marka ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang average na marka ng post-test ay bahagyang mas mataas kaysa sa average na marka ng pre-test. Ang resulta ng ipinares na t-test ay nagbunga ng makabuluhang pagkakaiba (t = -4.294, df = 53, p <.001) sa pagitan ng mga marka ng pagsusulit bago at pagkatapos ng interbensyon. Ito ay nagpapahiwatig na ang average na marka ng post-test ng mga mag-aaral ay makabuluhang mas mataas kumpara sa kanilang mean na marka ng pre-test. Samakatuwid, mayroong makabuluhang empekto ang interbensyon sa pagtaas mga marka ng pagsusulit ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon.

**Talahanayan 2**
*Pagkukumpara ng marka ng pre-test at post-test ng mga respondente (N=54)*

| | Mean | SD | t | df | p |
|---|---|---|---|---|---|
| Pretest | 29.13 | 6.81 | -4.294 | 53 | <0.001 |
| Posttest | 33.02 | 8.23 | | | |

## DISKUSYON

Isa sa mga malalaking hamon sa mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ng mga teksto na nagdudulot mababang antas ng pag-unawa at di-wastong pagsusuri sa mga ito. Sa isinagawang aksyong pananaliksik na ay natukoy ang kabisaan ng estratehiyang B.N.Sa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang layunin ng mananaliksik sa pagtukoy ng kabisaan ng estratehiyang B.N.Sa ay naisakatuparan dahil sa pamamagitan ng mga datos na nakalap mula sa pre-test at post-test, nailahad na mayroong ipinakitang mataas na pagganap ang mga mag-aaral sa kanilang sinagutang post-test gamit ang interbensyon, kumpara sa pre-test.

Sa isinigawang aksyong pananaliksik natunghayan ang kabisaan ng estratehiyang B.N.Sa (Basa, Nood, Sagot) bilang epektibong paraan na magagamit sa pagtuturo, pagpapabasa at pagbibigay ng mga gawain sa

mga mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay masasabing "flexible approach" dahil naibabagay ito sa anumang senaryo sa paaralan na maaaring gamitin sa lahat ng pagkakataon gaya ng face-to-face classes, online classes, modular at blended. Madali rin itong magagamit ng mga guro sapagkat ang mga software at application na gagamitin ay walang bayad. Ito ay makapagbibigay ng daan sa mga guro na makalikha ng mga dinamiko at interaktibong presentasyon na nagpapahayag ng mga konsepto at kaalaman nang mas epektibo dahil sa kakayahan na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral na magiging hudyat ng kanilang pakikibahagi at partisipasyon. Ang kagamitang panturong ito ay makapagbibigay daan sa mga mag-aaral na makilahok nang mas aktibo sa kanilang pag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang estratehiyang B.N.Sa (Basa, Nood, Sagot) ay isang mahalagang tool o kagamitan sa pagtuturo na may malawak na potensyal. Ito ay nagpapabuti sa pag-aaral at pagtuturo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng interaktibo, kolaboratibo, at modernisadong mga metodolohiyang pang-edukasyon. Kaya naman, ang mga guro at paaralan ay kinakailangang magtutok sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa paggamit nito upang masiguro ang epektibong pag-aaral at pagtuturo para sa lahat ng mag-aaral.

**PAGKILALA**

Ang pananaliksik na ito ay hindi magiging matagumpay kung hindi dahil sa ilang taong tumulong at nagbigay suporta sa pamamagitan ng kanilang talento, kakayahan, at partisipasyon. Lubos na pinasasalamatan ng mananaliksik si Ginoong Freddie John V. Calumno, ang Tagapag-ugnay ng pananaliksik sa paaralan para sa Senior High School. Ang agarang pagtugon at pagpapaalala sa patuloy na pagsasagawa ng pananaliksik ang naging motibasyon ng mananaliksik upang ipagpatuloy ang nasabing pananaliksik.

Nais ding pasalamatan ng mananaliksik si Ginang Violeta P. Fernandez, Ulong Guro sa Filipino, sa paggabay tungo sa pagpapalawak ng kaalaman sa Asignaturang Filipino.

Gayundin, ang mga mag-aaral mula sa Information and Communication Technology o ICT Strand na naging mga respondente sa pananaliksik. Hindi rin maisasakatuparan ang pananaliksik na ito, kundi dahil sa institusyon o paaralan at ang kasalakuyang tagapamuno nito na si Ginoong Oliver P. Caliwag.

**MGA SANGGUNIAN**

Broek, P. (2022). *The Science of Reading*. John Wiley & Sons, Ltd. https://doi.org/10.1002/9781119705116.ch11

Perez, H. (2019). *Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang pagkatuto. Dagupan City National High School*. SDO Dagupan City.

Harper, D. (2020). *The Efficacy of Google Slides on Adult Learning Outcomes in a Montessori Teacher Training Center*. Saint Catherine University. St. Paul, Minnesota. https://sophia.stkate.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1387&context=maed

Department of Education (2016). *K to 12 Gabay Pangkurikulum sa FILIPINO (Senior High School)*. K to 12 Basic Education Curriculum.

Lubiano, L. (2020). *Pagbasa at Pagsusuri Tungo sa Pananaliksik Pagkilala sa Iba't ibang Uri ng Teksto*. Barangay San Isidro, Cainta Rizal: Department of Education-Region IV-A CALABARZON.

Collado, K. (2020). *Makabagong Pagsubok sa Pag-aaral: Epekto ng Blended Learning sa mga Ika-12 na Baitang Mag-aaral ng University Laboratory School-University of Southern Mindanao*. University Laboratory School-University of Southern Mindanao.